# Espesyal na Halalan sa Mayo 2025

# Pamplet sa Wikang Tagalog para sa mga Botante ng Jackson County

Mga Botante ng Jackson County:

Sa **Espesyal na Halalan sa Mayo 20, 2025**, pagbobotohan ninyo ang maraming labanan ng kandidato para mapunan ang mga posisyon sa mga lupon ng Distrito ng Kolehiyong Pangkomunidad ng Rogue (Rogue Community College District), Distrito ng Serbisyong Pang-edukasyon ng Southern Oregon (Southern Oregon Education Service District), Mga Distrito ng Paaralan, Mga Pamatay-Sunog ng Distrito, Mga Distrito ng Tagasuplay ng Tubig, Distrito ng Transportasyon ng Rogue Valley (Rogue Valley Transportation District), Distrito ng Aklatan ng Jackson County (Jackson County Library District) at Distrito ng Mga Serbisyo sa Alkantarilya ng Rogue Valley (Rogue Valley Sewer Services District).

Inilathala ang pamplet na ito upang magbigay sa mga botante ng impormasyon tungkol sa mga lokal na kandidato at panukalang-batas. Gayumpaman, hindi kinakailangang isama ang mga kandidato sa pamplet para sa mga botante. Ang mga pahayag at larawan sa pamplet para sa botante ay opsyonal at isinusumite kasama ng bayad sa paghahain. Kaya naman, hindi ninyo makikita sa pamplet na ito ang bawat kandidato na inyong pagbobotohan. At hindi ninyo pagbobotohan ang bawat kandidatong nasa pamplet na ito, kundi ang mga naaangkop na kandidato at mga panukalang-batas lamang para sa inyong presinto. Makukuha ang mga form sa paghahain ng lahat ng kandidato sa balota sa: **https://jacksoncountyor.gov/departments/clerk/elections.**

Ang inyong balota, na ihahatid sa inyo simula **Biyernes, Mayo 2, 2025** ay maglalalman lamang ng inyong mga naaangkop na kandidato at panukalang-batas. Dapat na mamarkahan ng USPS ang mga balota nang hindi lalampas sa araw ng halalan o nailagay sa isang opisyal na drop box ng balota ng Oregon nang hindi lalampas sa 8:00 p.m., **Martes, Mayo 20, 2025** para mabilang.

Ang huling araw upang mag-rehistro para makaboto sa halalan na ito ay sa **Martes, Abril 29, 2025**. Naipadala ang pamplet na ito sa mga address para sa koreo ng post office. Kaya, ang pagtanggap ninyo ng pamplet para sa mga botante ay hindi nangangahulugan na kayo ay isang rehistradong botante. Maaari ninyong tingnan online ang inyong katayuan sa rehistrasyon sa pamamagitan ng **My Vote (Aking Boto)** sa www.oregonvotes.gov.

Ang mga balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo ay hindi maaaring ipasa! Ang mga botante na kasalukuyang rehistrado sa Estado ng Oregon na lumipat na, o nagbago ng kanilang address (tirahan) o address para sa koreo o pangalan, ay dapat mag-update ng kanilang rehistrasyon bago matapos ang oras ng trabaho sa Araw ng Halalan upang makaboto. Kung kailangan ninyong mag-rehistro o mag-update ng inyong rehistrasyon, maaari ninyong gawin ito online sa pamamagitan ng **My Vote (Aking Boto)** sa www.oregonvotes.gov. Makakukuha rin kayo ng kard ng rehistrasyon ng botante sa pamplet na ito, sa inyong lokal na post office, o sa DMV. Kung nais ninyong personal na mag-rehistro o mag-update ng inyong kard ng rehistrasyon ng botante, matatagpuan kami sa 1101 West Main St., Suite #201, Medford.

Kung mayroon kayong anumang tanong tungkol sa katayuan ng inyong rehistrasyon ng botante o sa proseso ng halalan, tawagan ang Tanggapan para sa Pangangasiwa ng Halalan sa 541-774-6148.

Taos-pusong sumasainyo,

Chris Walker
Kawani ng Jackson County

# Mga Tagubilin sa Pagboto

Ang impormasyong ito **ay inilagay sa pamplet para sa mga botante upang tulungan ang mga botante ng Jackson County sa pagmamarka ng kanilang balota.**

## Punan ang Bilog

Upang matiyak na mabibilang ang iyong boto:
- → Gumamit ng asul o itim na panulat.
- → Ganap na punan ang bilog.
- → Huwag maglagay ng tsek.
- → Huwag magmarka ng X.

## Kandidato o Panukalang-Batas

- → Upang bumoto para sa isang kandidato o panukalang-batas, ganap na punan ang bilog sa kaliwa ng iyong tugon.

## Pagsasama ng Pangalan

- → Para isama ang isang pangalan, ganap na punan ang bilog sa kaliwa ng linya para sa pagsasama ng pangalan at isulat ang pangalan sa linya.

## Kulang sa Bilang ng Boto

- → Kung hindi ka bumoto sa isang labanan o panukalang-batas, ito ay tinatawag na kulang sa bilang ng boto.
- → Ang isang boto ay hindi mabibilang para sa labanan o panukalang-batas.
- → Hindi mo kailangang bumoto sa lahat ng labanan. Mabibilang pa rin ang mga binoto mo.

## Bumoto ng Labis

- → Kung bumoto ka para sa mas maraming kandidato kaysa sa pinahihintulutan, o kung pareho mong binoto ang Yes (Oo) at No (Hindi) sa isang panukalang-batas, ito ay tinatawag na bumoto ng labis.
- → Hindi mabibilang ang isang boto para sa labanan o panukalang-batas na bumoto ka ng labis, maliban kung itama mo ito.
- → Maaari mong itama ang isang pagboto ng labis sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubilin sa "How to Correct a Mistake" (Paano Itama ang Isang Pagkakamali).

### Paano Itama ang Isang Pagkakamali

→ Guhitan ng linya ang bilog at ang iyong hindi nais na tugon.
→ Ganap na punan ang bilog sa kaliwa ng iyong nais na tugon.
→ Hindi bibilangin ang boto para sa hindi mo nais na tugon.
→ May bilang na isang boto para sa iyong nais na tugon.

**Maaari kang makipag-ugnayan sa Halalang Pang-county ng Jackson (Jackson County Elections) sa 541-774-6148 para humiling ng pamalit na balota kung:** nagkamali ka, nasira o namarkahan nang mali ang iyong balota, o nawala ang iyong balota (o para sa anumang iba pang dahilan).

**Tulong sa Pagmarka ng Balota; Mga Pataan at Limitasyon:** Ang sinumang botante na, dahil sa kapansanan o kawalan ng kakayahang magbasa o magsulat, hindi makapagmarka ng kanilang balota ay maaaring makatanggap ng tulong. Ang tulong ay ibibigay ng alinman sa dalawang tao ng magkaibang partidong pampolitika na itinalaga ng kawani ng county o ng ibang taong pinili ng botante. Ang sinumang tumutulong sa isang botante ay dapat sumunod sa tagubilin ng botante kung paano boboto sa balota. At, ang taong tumutulong sa botante, kalaunan ay hindi dapat magbigay ng anumang impormasyon tungkol sa kung paano bumoto ang botante. Bukod dito, hindi maaaring magbigay ang sinuman ng nasabing tulong kung sila ay isang tagapag-empleyo ng botante o isang ahente ng tagapag-empleyo. At, hindi rin maaaring magbigay ng nasabing tulong ang isang tao kung siya ay isang opisyal o ahente ng isang unyon kung saan ang botante ay isang miyembro. (ORS 254.445)

# Pagbabalik ng Iyong Balota

### Ang Araw ng Halalan ay sa Martes, Mayo 20, 2025

### Matapos bumoto sa iyong balota:

1. **Suriin** kung may mga pagkakamali sa iyong balota;
2. **Ilagay** ang iyong balota sa sobre para sa pagbalik ng balota;
3. **I-seal** ang sobre para sa pagbalik ng balota;
4. **Lagdaan** ang sobre para sa pagbalik ng balota;
5. **Ibalik** ang iyong balota

### Mayroon kang dalawang paraan para ibalik ang iyong balota:

1. **Ipadala sa koreo** ang iyong balota upang mamarkahan ito ng USPS pagsapit ng Araw ng Halalan; o

2. **Ilagay** ang iyong balota sa isang opisyal na drop box ng balota ng Oregon bago mag-8 p.m. sa Araw ng Halalan.

**Mahalaga!** Dapat isauli ang iyong balota nang nasa sobre para sa pagbalik ng balota na ibinigay kasama ng iyong pakete ng balota. **Tiyaking ang nilalagdaan mong sobre para sa pagbalik ng balota ay ang ibinigay sa iyo!**

Kung nawala o nasira mo ang iyong sobre para sa pagbalik ng balota, mangyaring makipag-ugnayan sa aming opisina sa 541-774-6148.

# Mga Lokasyon para sa Lugar ng Drop Box

### Ang Araw ng Halalan ay sa Martes, Mayo 20, 2025

### Opisyal na Mga Lugar para sa Pagsumite ng Balota sa Jackson County

*(Magbubukas sa Lunes, Mayo 5, 2025)*

**Halalang Pang-county ng Jackson (Jackson County Elections)**
1101 W. Main St., Suite 201
Medford, OR 97501
(Matatagpuan ang opisina sa ika-2 palapag)

Ang mga drop box ng balota sa **tabi ng kalsada** at agarang napupuntahan (walk up) ay bukas 24 na oras araw-araw (kaliwang lane - W. Main)
Magsasara nang 8 p.m. sa Araw ng Halalan

Ang mga drop box ng balota **sa loob** ng tanggapan para sa pangangasiwa ng Halalan ay bukas 8 a.m. hanggang 4 p.m., Lunes – Biyernes
(7 a.m. - 8 p.m. sa Araw ng Halalan)

*(Magbubukas sa Biyernes, Mayo 9, 2025)*

**Aklatan ng Ashland (Ashland Library)**
410 Siskiyou Blvd.
Ashland, OR 97520

Ang drop box ng balota sa **tabi ng kalsada** ay bukas 24 na oras araw-araw (eskinita mula sa Gresham St. malapit sa book drop)
Magsasara nang 8 p.m. sa Araw ng Halalan

**Aklatan ng Central Point (Central Point Library)**
116 S. 3rd St.
Central Point, OR 97502

Ang **agarang napupuntahang (walk-up)** drop box ng balota ay bukas 24 na oras araw-araw (sa timog na bahagi ng gusali ng aklatan, pangunahing pasukan)
Magsasara nang 8 p.m. sa Araw ng Halalan

*(Magbubukas sa Biyernes, Mayo 9, 2025)*

**Aklatan ng Eagle Point (Eagle Point Library)**

239 W. Main St.
Eagle Point, OR 97524

Ang **agarang napupuntahang (walk up)** drop box ng balota ay bukas 24 na oras araw-araw (pasukan sa pangunahing sangay ng aklatan)
Magsasara nang 8 p.m. sa Araw ng Halalan

**Aklatan ng Medford (Medford Library)**
205 S. Central Ave
Medford, OR 97501

Ang drop box ng balota sa **tabi ng kalsada** ay bukas 24 na oras araw-araw (pasukan ng parking lot mula sa 10th St.)
Magsasara nang 8 p.m. sa Araw ng Halalan

**Aklatan ng Phoenix (Phoenix Library)**
510 W. 1st St.
Phoenix, OR 97535

Ang **agarang napupuntahang (walk up)** drop box ng balota ay bukas 24 na oras araw-araw (pasukan sa pangunahing sangay ng aklatan)
Magsasara nang 8 p.m. sa Araw ng Halalan

**Aklatan ng Rogue River (Rogue River Library)**
412 E. Main St.
Rogue River, OR 97537

Ang **agarang napupuntahang (walk up)** drop box ng balota ay bukas 24 na oras araw-araw (pasukan sa pangunahing sangay ng aklatan)
Magsasara nang 8 p.m. sa Araw ng Halalan

# Impormasyon sa Rehistrasyon ng Botante

## Pag-rehistro para Makaboto

Upang makaboto sa Oregon kailangan mong maging rehistrado sa county kung saan ka nakatira.

Maaari kang mag-rehistro kung masasagot mo ng oo ang tatlong tanong na ito:

→ Ikaw ba ay residente ng Oregon?

→ Ikaw ba ay isang mamamayan ng US?

→ Ikaw ba ay hindi bababa sa 16 na taong gulang?

Kung wala ka pang 18 taong gulang, hindi ka makatatanggap ng balota hanggang sa magkaroon ng halalan sa o pagkatapos ng iyong ika-18 kaarawan.

## Paano mag-rehistro

Maaari kang online na mag-rehistro para makaboto sa **www.oregonvotes.gov** o maaari kang makakuha ng kard ng rehistrasyon ng botante sa alinman sa mga sumusunod na lugar:

→ anumang Tanggapan para sa Halalang Pang-county

→ Tanggapan ng Kalihim ng Estado

→ ilang ahensya ng estado tulad ng Dibisyon ng Mga De-motor na Sasakyan (Division of Motor Vehicles)

→ isang kampanya para sa rehistrasyon ng botante

Maaari ka ring mag-print ng kard ng rehistrasyon online sa: www.oregonvotes.gov.

Maaari mong punan ang kard at ipadala ito nang personal o sa pamamagitan ng koreo ng US.

Upang makaboto sa Espesyal na Halalan sa Mayo 20, 2025, ang iyong nakumpletong kard ng rehistrasyon ng botante ay kailangang:

→ namarkahan ng koreo pagsapit ng Martes, Abril 29, 2025; o

→ inihatid sa isang tanggapan para sa halalang pang- county pagsapit ng Martes, Abril 29, 2025; o

→ inihatid sa anumang ahensya ng rehistrasyon ng botante (hal., DMV) pagsapit ng Martes, Abril 29, 2025.

Kung online kang mag-rehistro para makaboto, kailangang maisumite ang iyong rehistrasyon bago mag-11:59 p.m. ng Martes, Abril 29, 2025.

## Anong impormasyon ang kailangan para mag-rehistro?

Upang makumpleto ang iyong rehistrasyon, ibibigay mo ang iyong:

→ Buong legal na pangalan

→ Address (tirahan)

→ Petsa ng kapanganakan

→ Lagda

→ Balidong ID

## Ano ang mga kinakailangang pagkakakilanlan?

1. Kung mayroon kang kasalukuyang, balidong Lisensya sa Pagmamaneho, Permit o numero ng ID na ibinigay ng Dibisyon ng Mga De-motor na Sasakyan (Division of Motor Vehicles DMV) ng Estado ng Oregon, kailangan mong ilagay ito sa mga kahon sa kard. Balido pa rin ang isang suspendidong Lisensya sa Pagmamaneho; HINDI balido ang isang pinawalang-bisang Lisensya sa Pagmamaneho.

2. Kung wala kang kasalukuyang, balidong Lisensya sa Pagmamaneho, Permit o numero ng ID na ibinigay ng Dibisyon ng Mga De-motor na Sasakyan ng Estado ng Oregon (State of Oregon Division of Motor Vehicles), kailangan mong banggitin ito sa kard sa pamamagitan ng pagmarka sa naaangkop na bilog at kailangan mong ibigay ang huling apat na numero ng iyong Social Security.

3. Kung wala kang numero ng Social Security, kailangan mong banggitin ito sa kard sa pamamagitan ng pagmarka sa bilog na nagpapahiwatig na wala kang balidong Lisensiya sa Pagmamaneho o numero ng Social Security.

4. Kung wala kang Lisensiya sa Pagmamaneho, Permit, numero ng ID, o numero ng Social Security, at nagrerehistro ka sa pamamagitan ng koreo,

kailangan kang magbigay ng kopya ng isa sa mga sumusunod na nagpapakita ng pangalan ng botante at kasalukuyang address:

- → balidong larawan ng pagkakakilanlan
- → resibo ng pasahod
- → utility bill
- → bank statement
- → dokumento mula sa gobyerno
- → patunay ng pagiging kwalipikado sa ilalim ng Uniformed and Overseas Citizens Absentee Voting Act (UOCAVA) o ng Voting Accessibility for the Elderly and Handicapped Act (VAEH)

Kung hindi ka magbibigay ng balidong ID, hindi ka maaaring bumoto sa mga Pederal na labanan. Gayumpaman, maaari ka pa ring bumoto sa mga pang-estado at lokal na labanan.

## Pag-update ng iyong rehistrasyon ng botante:

Kapag rehistrado ka na, tungkulin mong panatilihing pinakabago ang iyong impormasyon. Maaari mong gawin ito online sa **www.oregonvotes.gov** o sa pamamagitan ng pagkumpleto at pagbalik ng kard ng rehistrasyon ng botante na nakalagay ang bagong impormasyon. Kailangan mong i-update ang iyong rehistrasyon kung gagawin mo ang alinman sa mga sumusunod:

- → magpapalit ng iyong address (tirahan)
- → babaguhin ang iyong address para sa koreo
- → babaguhin ang iyong pangalan
- → babaguhin ang iyong lagda
- → nais magpalit o pumili ng partidong pampolitika
- → babiyahe o wala sa bahay sa araw ng halalan

Kung ipaaalam mo sa iyong tanggapan para sa halalang pang-county ang pagbabago ng iyong address ng tirahan pagkaraan ng Mayo 15, 2025, dapat mong hilingin na ipadala sa iyo ang isang balota o pumunta sa iyong tanggapan para sa halalang pang-county upang makuha ang iyong balota.

- **Huling araw ng rehistrasyon ng botante:** Abril 29, 2025
- **Mga balotang ipinadala sa koreo:** Mayo 2, 2025
- **Araw ng Halalan:** Mayo 20, 2025
- **Mayroon kang dalawang paraan para ibalik ang iyong balota:**
    1. **Ipadala sa koreo** ang iyong balota upang mamarkahan ito ng USPS pagsapit ng Araw ng Halalan; o
    2. **Ilagay** ang iyong balota sa isang opisyal na drop box ng balota ng Oregon bago mag-8 p.m. sa Araw ng Halalan.

# Panukalang-Batas 15-236 – Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito 4 ng Jackson County (Jackson County Rural Fire Protection District 4)

**Limang taong lokal na opsyon na singil sa buwis para sa pangkalahatang operasyong pangkaligtasan sa sunog**

**Tanong:** Dapat bang magpataw ang Distrito ng $1.10 kada $1000 ng tinasang halaga sa loob ng limang taon simula 2026-2027 para pondohan ang pangkalahatang operasyon? Ang panukalang-batas na ito ay maaaring magdulot ng pagtaas ng mga buwis sa ari-arian nang mahigit tatlong porsyento.

**Buod:**
Ang Pamatay-sunog para sa Distrito 4 ng Jackson County (Jackson County Fire District 4) ay nagbibigay ng mga serbisyong pangkaligtasan sa sunog at medikal na pang-emerhensiya sa loob ng teritoryo ng Distrito. Kung pagtibayin, aaprubahan sa panukalang-batas na ito ang bagong ipapataw na buwis na $1.10 kada $1000 ng tinasang halaga, na magkakabisa sa Hulyo 1, 2026. Ang kasalukuyang ipinapataw na buwis ng Distrito na $0.99 kada $1000 ng tinasang halaga ay magwawakas sa Hunyo 30, 2026.

Ang iminungkahing bagong buwis na ito ay magbibigay-daan para mapanatili ang kasalukuyang mga antas ng serbisyo, mapanatili ang kasalukuyang bilang ng mga kawani, at makapag-ipon para sa mga bibilhing kasangkapan at kagamitang pamatay-sunog sa hinaharap. Ang pagpapanatili ng kasalukuyang bilang ng mga kawani ay mahalaga para sa sapat na pagtugon ng Distrito sa mga medikal na emerhensiya at sunog.

Kung walang bagong ipapataw na buwis, magkakaroon ng mga pagbawas sa serbisyo, mababawasan ang mga kawani, ipagpapaliban ang pagpapanatili ng pasilidad, at maaantala ang pagbili ng mga bagong kagamitan. Kung hindi maaprubahan ang ipapataw na buwis, malamang na makaranas ang mga residente sa loob ng Distrito ng mas matagal na oras ng pagresponde kapag tumatawag para sa mga serbisyong pamatay-sunog at pangkaligtasan. Bukod dito, kung babawasan ng Distrito ang mga antas ng mga serbisyo, ang mga may-ari ng bahay sa loob ng Distrito ay maaaring makaranas ng mga pagtaas sa mga halaga ng seguro ng kanilang mga pag-aaring di-natitinag.

Makakalikom ang iminungkahing halaga ng humigit-kumulang $723,457 sa 2026-2027, $745,161 sa 2027-2028, $767,516 sa 2028-2029, $790,541 sa 2029-2030, at $814,257 sa 2030-2031, na may kabuuang halaga na $3,840,932 sa loob ng limang taon.

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**
Nagkaisa ang Pamatay-sunog para sa Distrito 4 ng Jackson County (Jackson County Fire District 4) sa pagboto upang humiling ng pag-apruba ng mga botante sa panukalang-batas na ito sa pagpopondo na nasa balota sa Mayo. Sa panukalang-batas na ito, hinihiling ng Lupon sa mga residente ng Pamatay-sunog ng Distrito na pagtibayin ang bagong limang-taong lokal na opsyon na singil sa buwis na $1.10 kada $1000 ng tinasang halaga. Simula sa taong piskal 2026-2027, ipapalit ang bagong ipapataw na buwis na ito sa kasalukuyang ipinapataw na buwis na $0.99 kada $1000 ng tinasang halaga.

Gaya ng mga nakaraang ipinataw na buwis, plano ng Pamatay-sunog ng Distrito na gamitin itong iminungkahing bagong ipapataw na buwis para pondohan ang mga posisyon ng binabayarang mga kawani. Ang mga posisyon ng mga kawaning bumbero/EMT at bumbero/paramedic ay nakatutulong sa kakayahan ng Pamatay-sunog ng Distrito na agad tugunan ang mga tawag para sa serbisyo at pag-ibayuhin ang pangkalahatang kapasidad ng Pamatay-sunog ng Distrito na rumesponde sa mga emerhensiyang nauugnay sa sunog at kaligtasan sa buong teritoryo ng serbisyo ng Pamatay-sunog ng Distrito.

Ang botong “Yes” (Oo) ay magbibigay-daan sa pagpopondo para sa Pamatay-sunog ng Distrito hanggang sa taong piskal 2030-2031 sa kasalukuyang mga antas ng serbisyo. Sa pamamagitan ng patuloy na pagpopondo sa mga posisyon ng binabayarang mga kawani, ang ipapataw na buwis na ito ay magbibigay-daan sa Pamatay-sunog ng Distrito para patuloy na matugunan ang mga pangangailangan kaugnay ng dumaraming tawag pang-emerhensiya. Magbibigay-daan din ang ipapataw na buwis na ito sa Pamatay-sunog ng Distrito para mapanatili ang mga kagamitan, aparato, at pasilidad nito.

Ang permanenteng antas ng buwis ng Pamatay-sunog ng Distrito ay $2.0181 kada $1000 ng tinasang halaga. Sa pamamagitan lamang ng pagdaragdag ng kita mula sa lokal na opsyon na singil sa buwis magagawang pondohan nang buo ng Pamatay-sunog ng Distrito ang kasalukuyang operasyon nito, pangalagaan ang mga pasilidad ng Pamatay-sunog ng Distrito, panatilihin ang mga aparato ng Pamatay-sunog ng Distrito, at pondohan ang reserbang kapital para sa pagpapalit ng mga aparato ng Pamatay-sunog ng Distrito. Dahil sa tumataas na mga gastusin, napagpasiyahan ng Lupon ng mga Direktor na kailangan ang bagong ipapataw na buwis na ito upang makapagbigay ng sapat na suportang pamatay-sunog at pangkaligtasan sa loob ng teritoryo ng Pamatay-sunog ng Distrito at matugunan ang mga pangangailangan ng ating komunidad kaugnay ng pagresponde sa emerhensiya.

Ang Pamatay-sunog para sa Distrito 4 ng Jackson County (Jackson County Fire District 4) ay hindi bahagi ng isang lungsod o ng county. Ang Pamatay-sunog ng Distrito ay isang “espesyal na distrito,” isang hiwalay na yunit ng pamahalaan, tulad ng isang lungsod o county. Pinamamahalaan ito ng isang hinalal na Lupon ng mga Direktor na mga residente ng Pamatay-sunog ng Distrito. Bilang mga hinalal na kinatawan, ang Lupon ng mga Direktor ay kumakatawan sa mga interes ng mga residente ng Pamatay-sunog ng Distrito sa pamamagitan ng mga pagpapasiya ukol sa mga patakaran na nagtitiyak na nabibigay sa pinakamatipid na paraan ang pinakamataas na antas ng mga serbisyong pamatay-sunog, serbisyong medikal na pang-emerhensiya, at serbisyong pangkaligtasan. Ang Pamatay-sunog ng Distrito ay mayroon ding komite ng badyet na binubuo ng Lupon ng mga Direktor at limang mamamayan ng Pamatay-sunog ng Distrito na nagbibigay ng mga rekomendasyon sa mga paggasta ng Pamatay-sunog ng Distrito.

*Ang impormasyong ito ay ibinigay ng: Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito 4 ng Jackson County (Jackson County Rural Fire Protection District 4)*

# Panukalang-Batas 15-237 – Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito ng Prospect (Prospect Rural Fire Protection District)

### Limang Taong Lokal na Opsyon na Singil sa Buwis para sa pangkalahatang operasyon.

**Tanong:** Dapat bang magpataw ang Distrito ng $1.39 kada $1000 ng tinasang halaga sa loob ng limang taon simula 2025-26 upang pondohan ang pangkalahatang operasyon? Maaari itong magdulot ng pagtaas ng mga buwis sa ari-arian nang mahigit tatlong porsyento.

**Buod:**
Ang layunin ng ipapataw na buwis na ito ay para maglaan ng pondo na magbibigay-daan sa Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito ng Prospect (Prospect Rural Fire Protection District) upang makapagbigay ng mga serbisyong pamatay-sunog at medikal na pang-emerhensiya, mapanatili ang kasalukuyang mga antas ng serbisyo at makapag-ipon para sa mga pagpapahusay ng mga kagamitan at pasilidad sa hinaharap. Kung maipatupad, inaaprubahan ng panukalang-batas na ito ang ipapataw na buwis na $1.39 kada $1000 ng tinasang halaga, simula Hulyo 1, 2025.

Ang bagong iminungkahing ipapataw na buwis ay magbibigay-daan para sa: pagpapanatili ng kasalukuyang mga antas ng serbisyo, pagpopondo sa isang half-time na Punong Bumbero, 24/7 na saklaw ng shift sa pagboboluntaryo, pinalawak na grupo ng mga boluntaryo, pagpapataas ng ISO rating, paggawa ng suplay/imbakan ng tubig, at pag-iipon para sa mga pagpapahusay ng mga kagamitan at/o pasilidad. Ang pagpapanatili ng kasalukuyang bilang ng mga boluntaryong kawani ay mahalaga para sa sapat na pagresponde ng Distrito sa mga sunog at medikal na emerhensiya.

Kung hindi maipasa ang ipapataw na buwis, makararanas ang mga residente ng mas matagal na oras ng pagresponde sa mga serbisyong pamatay-sunog at medikal at posibleng pagkawala ng mga serbisyong medikal na pang-emerhensiya at pagkaantala ng mga gawaing pagpapanatili ng pasilidad. Kung babawasan ng distrito ang mga antas ng serbisyo, ang mga may-ari ng bahay sa loob ng Distrito ay maaaring makaranas ng mga pagtaas sa mga halaga ng seguro sa mga pag-aaring di-natitinag (real property insurance rates) o posibleng hindi makakuha ng seguro para sa pag-aaring di-natitinag.

Makakalikom ang iminungkahing halaga ng humigit-kumulang $172,235 sa 2025-26, $177,405 sa 2026-27, $182,724 sa 2027-28, $188,206 sa 2028-29, at $193,852 sa 2029-30, na may kabuuang $914,422 sa loob ng limang taon.

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**
Ang Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito ng Prospect (Prospect Rural Fire Protection District) ay nagbibigay ng medikal na emerhensiyang pagtugon, pag-apula ng sunog at pag-iwas sa sunog sa 37 milya kuwadrado sa Jackson County. Isa itong espesyal na distrito ng serbisyo, na pinamamahalaan ng isang Lupon ng mga Direktor na hinalal ng mga residente ng Distrito, na may mga kawaning binubuo ng 1/5 part-time na pinunong bumbero at 13 boluntaryong bumbero at 4 na tauhan para sa medikal na emerhensiya.

Sa pamamagitan ng Resolusyon, bumoto ang Lupon para humingi ng pag-apruba ng mga botante para sa isang limang-taong lokal na opsyon na singil sa buwis para sa operasyon na $1.39 kada $1000 ng tinasang halaga na nasa Mayo 2025 na balota. Kung maaprupabahan, ang panukalang-batas na ito ay maglalaan ng pondo para mapanatili ang kasalukuyang mga antas ng serbisyo, at matugunan ang dumaraming tawag, tustusan ang isang half-time na pinunong bumbero, maitatag ang isang 24/7 na saklaw ng shift sa pagboboluntaryo, mapalawak ang grupo ng mga boluntaryo, magbigay ng kinakailangang personal na kagamitang pamproteksyon para sa kaligtasan, pataasin ang ISO rating, pagsikapang magkaroon ng imbakan/agarang (on-demand) suplay ng tubig sa loob ng distrito, at makapag-ipon para sa mga pagpapahusay ng mga kagamitan at/o pasilidad.

Ang botong “Yes” (Oo) ay magbibigay-daan sa pagpopondo para sa Pamatay-sunog ng Distrito hanggang sa taong piskal 2029-2030 sa kasalukuyang mga antas ng serbisyo. Magbibigay-daan ang ipapataw na buwis na ito sa Pamatay-sunog ng Distrito para mapanatili ang nalulumang mga kagamitan nito at matugunan ang mga pangangailangan kaugnay ng dumaraming tawag pang-emerhensiya.

Ang permanenteng antas ng buwis ng Pamatay-sunog ng Distrito ay $0.9902 kada tinasang halaga. Sa pagdaragdag lamang ng lokal na opsyon na singil sa buwis mapopondohan ng Distrito ang kasalukuyang operasyon, mapangangalagaan at mapananatili ang mga pasilidad, kasangkapan, at kagamitan ng Distrito, mapapahusay ang paghahanap ng mga kawani para sa binabayaran at boluntaryong mga posisyon, mapapabuti ang suplay ng tubig at mapapataas ang ISO Rating. Dahil sa tumataas na gastos at dumaraming tawag, napagpasiyahan ng Lupon ng mga Direktor na kailangan ang bagong ipapataw na buwis na ito upang magbigay ng sapat na suportang pamatay-sunog at pangkaligtasan sa loob ng teritoryo ng pamatay-sunog ng Distrito at matugunan ang mga pangangailangan ng ating komunidad kaugnay ng pagresponde sa emerhensiya.

Ang Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito ng Prospect (Prospect Rural Fire Protection District) ay hindi bahagi ng isang lungsod o ng County. Ang Pamatay-sunog ng Distrito ay itinalaga bilang isang "espesyal na distrito," isang hiwalay na yunit ng pamahalaan, tulad ng isang lungsod o county. Pinamamahalaan ito ng isang hinalal na Lupon ng mga Direktor na mga residente ng Pamatay-sunog ng Distrito. Bilang mga hinalal na kinatawan, ang Lupon ng mga Direktor ay kumakatawan sa mga interes ng mga residente ng Pamatay-sunog ng Distrito sa pamamagitan ng mga pagpapasiya ukol sa mga patakaran na nagtitiyak na nabibigay sa pinakamatipid na paraan ang pinakamataas na antas ng mga serbisyong pamatay-sunog, serbisyong medikal na pang-emerhensiya, at serbisyong pangkaligtasan. Ang Pamatay-sunog ng Distrito ay mayroon ding Komite ng Badyet na binubuo ng Lupon ng mga Direktor at limang mamamayan ng Pamatay-sunog ng Distrito na nagbibigay ng mga rekomendasyon sa mga paggasta ng Pamatay-sunog ng Distrito.

*Ang impormasyong ito ay ibinigay ng:* Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito ng Prospect (Prospect Rural Fire Protection District)